


Taon XXXI Bilang 6 Hunyo 2001

EDITORYAL

Ilantad at labanan ang mga maka-imperyalista at anti-mamamayang patakaran at hakbangin ng reaksyunaryong rehimeng US-Macapagal-Arroyo

igit na nalalantad ang reaksyunaryong katangian ng rehimeng US-Macapagal-Arroyo sa magkakasunod na maka-imperyalista at anti-mamamayang hakbanging ipinatupad nito sa loob lamang ng nakaraang dalawang buwan. Kabilang sa mga isinagawa ng rehimen sa utos ng International Monetary Fund at World Bank ang mga sumusunod:



www.angbayan.org • editors@angbayan.org



www.angbayan.org

NILALAMAN

- 1 EDITORYAL: Ilantad at labanan ang mga maka-imperyalistang patakaran at hakbangin ng rehimeng US-Macapagal-Arroyo
- 4 Power Reform Act: Hight na dayuhang dominasyon sa ekonomya
- 5 Singil sa serbisyong tubig, tataas
- Patuloy na pagkakamal ng superganansya ng mga dambuhalng kumpanya ng langis
- **8** Pananalanta ng pasistang estado
- Mga ulat-koresponsal: (1) Tinuligsa, tumitinding militarisasyon sa Oriental Mindoro; (2) Makatarungan ang pagpaparusa kina Platon at Punzalan -- MGC
- Pagsuspinde ng GRP sa usapang pangkapayapaan, binatikos ng NDFP
- 14 Col. Aguinaldo, pinarusahan ng BHB
 15 Pagtatatag ng liga sa pakikibaka ng mga mamamayan ng daigdig
- 18 Mga balita ng pakikibaka

PANAWAGAN

Ang Lupong Patnugot ng *Ang Bayan* ay nag-aanyaya sa mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga komentaryo at mungkahi, mga balita o mga rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan.

Maaaring makuha ang pinakahuling isyu ng **Ang Bayan** sa internet. Magtungo sa

www.angbayan.org

Tatanggap din ng mga liham sa

editors@angbayan.org

- (1) Pagsasabatas nitong Hunyo 8 ng Power Reform Act. Itinatakda nito ang deregulasyon ng serbisyo sa kuryente at pagsasapribado ng National Power Corp. (NAPOCOR). Ipinaiilalim nito ang serbisyo sa kuryente sa kontrol ng mga pribadong dayuhan at kumprador na kumpanya. Ang napakalaking utang at pagkalugi ng NAPOCOR, at ang malaking tutubuin ng mga pribadong kumpanya sa kuryente ay ipapapasan nito sa mamamayan sa anyo ng karagdagang buwis at papataas na singil sa kuryente. Ang itinatakda ng batas na 30-sentimo bawat *kilowatt-hour* na pagbaba ng singil sa kuryente ay maliit na pampalubag-loob na madali ring mababawi oras na malubos ang deregulasyon.
- (2) Pagpapahintulot na muling itaas ang presyo ng langis. Nagtaas ng presyo ang kartel sa petrolyo noong Mayo 25 at nagbabadya ang muling pagtataas ng presyo ng petrolyo. Sa pagsabing "hindi ako makikiusap sa mga kumpanya ng langis", tahasang sinuportahan ni Macapagal-Arroyo ang Oil Deregulation Law na nasa likod ng walang tigil na pagtataas sa presyo ng langis.
- (3) Pagpapahintulot na itaas ang singil sa tubig ng Maynilad Water Services. Ito ay upang bigyang-pagkakataon ang huli na makabawi sa malaking pagkakautang at makapagpalaki ng tubo. Pinalalabas na binawi ng Malakanyang ang Hunyo 9 Memorandum of Cooperation na sumang-ayon sa biglaang pagtataas sa singil ng Maynilad nang P5 bawat metro kubiko. Bunga ito ng matinding protesta ng mamamayan. Itutuloy pa rin ang pagpayag rito, pero gagawing unti-unti na lamang.
- (4) Pagsasapribado ng pamamahala sa pondo ng Social Security System (SSS). Dulot nito, ang pinaghihirapang impok ng mga manggagawa at empleyado para sa kanilang seguridad at kagalingan ay magsisilbing palabigasan na lamang ng mga bwitreng malaking kapitalistang dayuhan at lokal na mamamahala sa pondong ito.

Ipinagpaliban ni Macapagal-Arroyo ang mga hakbanging ito noong eleksyon upang hindi itakwil ng mamamayan ang kanyang mga kandidato. Kagyat makaraan ang eleksyon, sunud-sunod nang isinagawa ng Malakanyang ang mga ito.

Ang mga hakbanging ito ay tanda ng pagiging masugid na tagapagtaguyod ni Macapagal-Arroyo sa mga interes ng malalaking kapitalistang dayuhan at mga utos ng IMF-WB. Kung tutuusin, pawang pagpapatuloy lamang ang mga ito ng anti-mamamayang programang pang-ekonomya ng rehimeng US-Estrada at iba pang sinundan nilang rehimen. Alinsunod ang mga ito sa imperyalistang patakaran ng liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon na ipinapataw ng IMF-WB sa mga neokolonya tulad ng Pilipinas. Ginamit na pamain ng IMF-WB ang ibinibiting pagpapautang

nila ng Asian Development Bank at ng Export-Import Bank of Japan ng halos isang bilyong dolyar. Desperado ang rehimen para sa utang na ito upang mapunan ang kasalatan sa pondo at ang patuloy na lumalaking depisit sa badyet ng gubyerno.

Ang tindi ng krisis pang-ekonomya na lumiligalig sa rehimen ang nagtulak dito na madaliin ang nasabing mga hakbangin.

Ngunit lalo lamang palalalain ng mga ito ang krisis. Isinasakripisyo ng mga ito ang interes ng mamamayan. Sa kapinsalaan ng mamamayan, sobra-sobrang tubo ang kakamkamin ng malalaking dayuhan at lokal na kumpanyang makikinabang sa mga hakbanging ito. Namemeligro rin ang seguridad sa trabaho ng laksa-laksang manggagawa at empleyado sa mga isinasapribadong ahensya ng gubyerno.

IBAYONG TUMITINGKAD ANG MILITArismo at pagkapapet ng rehimeng US-Macapagal-Arroyo. Sa gabay ng imperyalistang amo nito, pinakawalan ang mga pasistang tropa upang sugpuin ang paglaban ng mamamayan at hadlangan ang mabilis na lumalakas na rebolusyonaryong kilusan. Libu-libong mamamayan ang binibiktima ng kontra-rebolusyonaryong digma ng rehimen.

Kinakitaan ng malakas na tunguhing militarista ang rehimeng US-Macapagal-Arroyo sa kasalukuyan nitong kampanya laban sa Abu Sayyaf, nang pinalutang nito ang panukala ng pagdedeklara ng batas militar o *state of emergency* sa prubinsya ng Basilan (at maging sa mga kanugnog na isla) kung saan nagaganap ang mga sagupaan sa

pagitan ng AFP at ng bandidong grupo. Tahasan ang paghikayat ng mga upisyal ng gubyerno at lidermilitar ng mga bayarang impormer, pribadong hukbo at mga grupong vigilante. Walang pakundangan sa kapakanan ng masa ang lupit ng mga operasyong militar laban sa bandidong grupo. Palatandaan ang mga ito ng patuloy na pamamayani ng mga militarista sa loob ng rehimen at ng papalaking pagkiling ng rehimen sa solusyong militar.

Kinakasangkapan ng rehimen ang popular na galit ng masa laban sa bandidong grupong Abu Sayyaf upang tangkaing ilusot ang mga militaristang patakaran at mga pasistang "espesyal na hakbanging ligal". Kabilang dito ang lalong pagpaparami at pagpapalakas ng CAFGU at muling pagpapanukala ng sistemang National ID. Ang mga hakbanging ito ay itinutulak ng rehimen upang gamitin, hindi lamang sa pagsugpo sa kriminal na Abu Sayyaf, kundi laluna, laban sa rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan.

Ang kampanyang militar laban sa Abu Sayyaf ay ginagamit din upang engganyuhin at bigyang-katwiran ang panghihimasok ng gubyernong US. Mahigpit ang koordinasyon ng AFP at ng mga ahente ng Federal Bureau of Investigation sa mga operasyong inilulunsad sa Basilan.

Walang pangingiming itinataguyod ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang neokolonyal na katayuan ng Pilipinas sa relasyon nito sa imperyalismong US. Aktibo nitong ipinatutupad ang mga di pantay na kasunduang nagpapatibay sa ganitong relasyon, kabilang ang Mutual Defense Treaty at ang Visiting Forces Agreement.

Sa ngalan ng "pagtutulungan", ginamit ng libu-libong tropang Amerikano ang Pilipinas bilang lunsaran ng kanilang dalawang magkasunod na malalaking pagsasanay-militar — ang Balikatan 2001 noong Mayo at CARAT 2001 nitong Hunyo.

Ang matinding pananalakay ng AFP at PNP sa mga larangang gerilya ng Bagong Hukbong Bayan ay nagbubunga ng maraming kaso ng paglabag sa mga karapatangtao, pati na sa mga makataong alituntunin ng digma, sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Tampok ang malawakang operasyon at pang-aabusong militar na isinasagawa ng AFP at PNP sa malaking bahagi ng Timog Katagalugan. Lalo ito sa Mindoro at mga kanugnog na lugar kagyat pagkatapos ng pagpapalaya ng Bagong Hukbong Bayan sa bihag ng digmang si Army Maj. Noel Buan. Gayundin sa Gitnang Luzon, kung saan naglunsad ang AFP ng mababangis na operasyong militar upang hawanin ang lugar para sa katiwasayan ng mga tropang US na kalahok sa nabanggit na mga pagsasanay-militar. Sa isang operasyong militar sa Tarlac, minasaker ng AFP ang tatlong sibilyang pinaratangang mga Pulang mandirigma.

Ang Paglalantad ng Rehimeng US-Macapagal-Arroyo sa sarili ay naghahatid ng isang mahalagang aral na dapat ipabatid sa mamamayan: Walang pinag-iba ang kasalukuyang rehimen sa pagkapapet at pagka-reaksyunaryo. Wala sa pagsasalin-salin ng mga reak-

Nagbibigay-daan sa higit na dayuhang dominasyon sa ekonomya

agsilbi si Gloria Macapagal-Arroyo bilang pangunahing instrumento sa pagsasabatas ng anti-mamamayan at maka-imperyalistang RA 9136 o Power Reform Act. Para lamang maipasa ito, nagpatawag siya ng espesyal na sesyon sa bisperas ng pagsasara ng ika-11 kongreso. Itinulak niya ito sa harap ngmalawakang pagtutol ng iba't ibang sektor ng lipunan. Kaagad makaraang maipasa ng kongreso, nilagdaan ito ni Macapagal-Arroyo nitong Hunyo 8.

Ang bagong batas ay nagdederegula sa serbisyo sa kuryente at nagsasapribado sa National Power Corporation (NAPOCOR)—ang ahensya ng gubyernong pangunahing may kontrol sa produksyon, transmisyon at distribusyon ng kur-

yente. Itinaguyod ito ng rehimeng US-Macapagal-Arroyo alinsunod sa imperyalistang balangkas ng "globalisasyon" at "malayang kalakalan" at sa dikta ng International Monetary Fund (IMF) . Inalis nito ang lahat ng nalalabing balakid sa pribado at dayuhang pagmamay-ari at kontrol sa serbisyo sa kuryente

sa bansa.

Lubusan nang isinuko ng rehimeng US-Macapagal-Arroyo ang pambansang karapatan upang ang estratehikong industriya ng kuryente ay makapagsilbi sa interes ng mamamayan at pambansang industriyalisasyon. Maging ang pormal na probisyon sa reaksyunaryong konstitusyon na nagbabawal sa pagbebenta sa mga dayuhan ng mga estratehikong industriya at *public utilities* gaya ng serbisyo sa kuryente ay isinaisantabi.

Tanda ito ng masugid na paninilbihan ng rehimen sa interes ng malalaking dayuhan at lokal na kapitalista kontra sa interes ng mamamayan. Tanda rin ito ng desperasyon nitong makapangutang ng \$950 milyon mula sa IMF, World Bank, Asian Development Bank at Export-Import Bank of Japan.

■ syunaryo at papet na rehimen ang kalutasan ng malaon na nilang dinaranas na kahirapan at pagkaapi. Bagkus, ito'y nasa saligang pagbabagong panlipunan na makakamtan lamang sa pamamagitan ng rebolusyonaryong paglaban.

Bilang kasalukuyang pangunahing tagapagtaguyod sa interes ng imperyalismo at ng lokal na mga

mapagsamantalang uri, nasa rehimen ngayon ang mabigat na pananagutan sa higit na kahirapan at kaapihang pinapasan ng mamamayan. Kaugnay nito, kailangang puspusan at tuluy-tuloy na ilantad at labanan ang mga maka-imperyalista, reaksyunaryo at anti-mamamayang katangian, mga patakaran at hakbangin ng rehimeng US-Macapagal-Arroyo.

Ang pribatisasyon ng Napocor ay magsisilbi pangunahin sa interes ng malalaking monopolyong kapitalistang dayuhan at kumprador na kontrolin ang industriya ng kuryente sa bansa. Kabilang sa mga interesado rito ang Electricite de France, California Electricity International, Power Corporation of Australia at United Kingdom National Power

Plc. Sila lamang ang may kakayahang bumili nito. Kasabwat nila ang lokal na malalaking burges kumprador sa industriya ng kuryente, tulad ng mga Lopez, Aboitiz at Gokongwei.

Para sa mamamayan, wala itong idudulot kundi ang tuluy-tuloy nang pagtaas sa presyo ng kuryente at papabigat na pasanin sa kanilang

mga balikat. Ang deregulasyon ng serbisyo sa kuryente at pribatisasyon ng Napocor ay nagsisilbi rin sa ibayo pang pagbubukas ng ekonomya sa kontrol at dominasyon ng mga dayuhan.

Sa pagsasapribado ng Napocor, halos 8,000 manggagawa nito ang matatanggal sa trabaho.

Upang ilako ito, ipinangangalandakan ni Macapagal-Arroyo na ibababa ng Power Reform Act ang presyo ng kuryente nang 30 sentimo bawat *kilowatt-hour* sa loob ng tatlong taon. Sa katunayan, sa di nalalayo kundi man sa kagyat, babayaran pa rin ito—at mahigit pa nga rito—ng mga konsyumer at ng mamamayan sa iba't ibang paraan at anyo:

Sa kabila ng pagsasapribado ng Napocor, ang mga utang nito na umaabot sa P900 bilyon ay patuloy na papasanin ng mamamayan. Sa kasalukuyan, \$4.5 bilyon lamang ang halaga ng Napocor samantalang \$6.7 bilyon ang utang nito. Bahagi lamang ng utang ng Napccor ang mapupunan sa pamamagitan ng pagbebenta nito. Dagdag dito ang halos P480 bilyong stranded contract costs ng Napocor. Ang stranded contract costs ay ang higit isang pisong kaibahan sa presyo ng kuryente ng Napocor sa presyo ng mga independyenteng pribadong prodyuser ng kuryente (IPP) na kakontrata ng Napocor. Sa aktwal, ang bayad para rito ay isang uri ng subsidyo na ibinibigay sa mga IPP upang matiyak ang kanilang tubo, kahit mas mataas ang kanilang gastos. Idinaragdag ang halaganig ito sa singil para sa bawat kilowatthour na ginagamit ng konsyumer. Sa kasalukuyan, direkta itong pina-

SINGIL SA SERBISYONG TUBIG, TATAAS

indi pagbaba kundi pagtaas ng presyo ng mga batayang serbisyo ang ibubunga ng pribatisasyon ng *public utilities*. Pinatutunayan ito ngayon ng karanasan sa Maynilad Water Services, ang pribadong kunsesyunaryo na nagseserbisyo sa kanlurang bahagi ng Metro Manila mula nang isapribado ang Metropolitan Waterworks and Sewerage System noong 1997 sa utos ng IMF. Ang Maynilad Water Services ay magkasosyong pagmamay-ari ng Benpres Holdings Corp. ng mga Lopez at ng Suez des Lyonnaise des Eaux, isang kumpanyang Pranses.

Halos hindi pa natutuyo ang tintang ginamit ni Gloria Macapagal-Arroyo sa paglagda sa Power Reform Act nang pumasok sa isang Memorandum of Cooperation nitong Hunyo 9 ang Malakanyang at ang Maynilad. Nilalaman ng memorandum na ito ang pagtataas nang P5 bawat metro kubiko sa singil sa serbisyong tubig. Katumbas ito ng 73% pagtaas sa batayang singilin sa tubig na P6.58 bawat metro kubiko. Ito na ang pangalawang pagtaas na hiniling ng Maynilad ngayong taon. Noong Enero ay nagtaas ito nang 45 sentimo bawat metro kubiko.

Dahil sa inaning matitinding pagbatikos ng mamamayan sa hakbanging ito, pansamantalang binawi ng Malakanyang nitong Hunyo 13 ang pahintulot sa Maynilad para sa biglaang pagtaas ng singil sa tubig. Pahihintulutan pa rin ang pagtataas ngunit pauntiunti lamang upang umano'y makaiwas sa malakas na pagtutol ng mamamayan.

Samantala, mariing tinututulan ng mga empleyado sa Maynilad ang plano ng maneydsment na kaltasan nang 10% ang sahod ng bawat manggagawa at superbisor at ang pagkansela sa kanilang *vacation pay*. Nagbanta ang Maynilad na patatalsikin ang mga tututol na empleyado.

pasan ng mga konsyumer sa pamamagitan ng purchased power adjustment (PPA o adyasment sa singil para sa kuryenteng binili mula sa mga IPP).

Higit dito, magpapataw ang reaksyunaryong gubyerno ng panibagong buwis, ang "universal charge" sa lahat ng mga konsyumer ng kuryente upang bayaran hindi lamang ang mga utang at stranded contract costs ng Napocor kundi pati ng Meralco at iba pang "kwalipadong utility sa distribusyon sa "proseso ng pagpapatupad ng batas". Bahagi rito ang P200 bilyong utang ng Napocor na kunway inako ng gubyerno. Sa aktwal, ang pangungulekta ng gubyerno ng "universal charge" para sa mga IPP ay isang tipo ng subsidyo na ibinibigay upang matiyak ang kanilang tubo.

Patuloy ding kikilalanin ng gubyerno ang iba pang nilalaman ng mga maanomalyang kontrata sa pagitan ng Napocor at mga IPP mula pa sa panahon ng dating rehimeng Ramos hanggang sa kasalukuyan. Kabilang dito ang pagkokontrata ng gubyerno sa isang minimum na halaga at dami ng kuryente mula sa mga IPP. Karaniwa'y 70-90% ito ng kapasidad ng mga IPP. Diumano, ito'y para may reserba sakaling magkaroon uli ng mga malawakang brownout at para may nakahanda na rin para sa taunang paglaki ng pangangailangan sa kuryente. Karaniwa'y 11-38% lamang ng kanilang kapasidad ang kailangang gamitin ng mga IPP para sa pangaraw-araw na konsumo sa kuryente. Ipinapasa ng Napocor sa mga konsyumer ang singil para sa lahat ng ito. Kahit na hindi

nagpoprodyus ang mga IPP ng higit pa rito at hindi na ito napapasakamay ng mga konsyumer, at kahit na palyado, o palaging down o di makaandar ang kanilang mga planta, babayaran pa rin sila para sa kapasidad na kinontrata sa kanila. Sa gayon, sa sigurado at halos purong tubo lamang ng mga IPP mapupunta ang bayad para rito. Awtomatikong babayaran din ng Napocor at, muli, sisingilin sa mga konsyumer ang lahat ng iba pang dagdag sa gastos nila, gaya ng pagtaas ng presyo ng langis, pagtaas ng halaga ng dolyar, at iba

Hihigit pa ang tubong pipigain ng malalaking dayuhan at lokal na magmamay-ari ng serbisyo sa kuryente sa bansa, laluna't may probisyon sa batas para sa deregulasyon ng produksyon at transmisyon ng kuryente. Binibigyang-laya sila ng batas upang magtakda ng singil para mga bahaging ito ng serbisyo sa kuryente.

Nagbibigay din ang batas ng higit na kaluwagan sa pagmomonopolyo ng malalaking dayuhan at lokal na kumpanya sa serbisyo sa kuryente. Pinahihintulutan ang cross-ownership (tumatawid na pag-aari ng pare-parehong IPP sa magkakaibang aspeto ng serbisyo sa kuryente—produksyon, transmisyon, distribusyon), gaya ng ginagawa ngayon ng Meralco. Magsisilbing daan ito para tumagos at lumakas ang monopolyo ng mga Lopez at Aboitiz sa kabuuang serbisyo sa kuryente, at makibahagi rin sa monopolyo ang iba pang papasok na malalaking dayuhan at lokal na kumpanya.

Ang Power Reform Act ay

nagbibigay-kundisyon din para sa *cross-ownership subsidy* (subsidyo sa pamamagitan ng tumatawid na pag-aari). Sa gayon, ang anumang subsidyong ibinibigay o maaaring ibigay ng gubyerno sa tanging nireregulang bahagi ng serbisyo sa kuryente (distribusyon), ay masasamantala ng mga monopolyong nagmamay-ari kapwa ng aspetong distribusyon at mga naderegula nang aspeto (produksyon at transmisyon). Sa gayon, mababalewala ang anumang batas sa regulasyon ng distribusyon ng kuryente.

Ang Seksyon 28, na isiningit ni Sen. John Osmeña, ay para kunwa sa "demonopolisasyon" ng serbisyo sa kuryente. Diumano, sa pamamagitan ito ng pag-oobliga sa mga IPP na magbenta sa *stock market* ng mga sapi nila. Sa katunayan ang layunin lamang nito ay padaliin ang paglamon ng malalaking monopolyo sa maliliit na IPP.

Kontra sa isang tunay na programa ng pambansang industriya-lisasyon ang deregulasyon at pribatisasyon ng industriya ng kuryente, gayundin ang deregulasyon at pribatisasyon ng iba pang estrate-hikong industriya at *public utilities*, katulad ng sa langis at tubig. Ang *public utilities* ay kailangang ipailalim sa kontrol ng demokratikong estado upang sumulong ang bansa sa landas ng tunay na industriyalisasyon at kaunlarang pang-ekonomya.

Sa kagyat, kailangang puspusang labanan ng mamamayan ang Power Reform Act at ang pagiging sunud-sunuran ng rehimeng US-Macapagal-Arroyo sa dikta ng imperyalismo.

Patuloy na pagkakamal ng superganansya ng mga dambuhalang

kumpanya ng langis

Sinalubong ng protesta ng mga militanteng organisasyon at mamamayan ang abereyds na 42.25 sentimong pagtaas sa presyo ng bawat litro ng langis noong huling linggo ng Mayo. Nagpiket sa tapat ng upisina ng Petron, Caltex at Shell sa Makati ang mga militanteng organisasyong masa noong Mayo 25 upang igiit ang pagrolbak ng presyo ng langis, ipahayag ang masahol na epekto nito sa kanilang kabuhayan at ilantad ang pagpapakatuta ng gubyerno sa mga imperyalista. Ang Petron, Caltex at Shell ang tatlong pinakamalalaking kumpanya ng langis sa Pilipinas.

Bunga ng pinakahuling pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo, tumaas din nang 5-10% ang presyo ng mga bilihin tulad ng bigas, asukal, mantika at iba pa.

Upang makaagapay sa pagbulusok ng kanilang kabuhayan, iginigiit ng mga manggagawa at kawani ang pagpapataas ng kanilang sahod. Gayundin, hinihiling ng mga drayber ang pagtataas ng pamasahe.

Subalit sa halip na tugunan ang kahilingan ng masang anakpawis, lalo pang binibigyang-laya ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang mga kumpanya ng langis. Bago matapos ang Hunyo, nakatakdang muling itaas nang 90-96 sentimo bawat litro ang presyo ng gasolina.

PETRON CALTEX SHELL

Ganid sa tubo

Palasak na katwiran ng mga kumpanya ng langis na kailangan nilang magtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo upang bawiin ang umano'y nalugi sa kanila ▶

■ Kinakailangang magpunyagi ang mga rebolusyonaryo at progresibong pwersa upang ilantad ang pagkapapet ng rehimeng US-Macapagal-Arroyo. Kinakailangang pakilusin ang mamamayan upang labanan ang lahat ng isasagawa pang hakbangin ng papet na rehimen na nagsisilbi sa interes ng imperyalismo at yumuyurak sa kapakanan ng mamamayan. Kaakibat nito, kinakailangang ipaglaban din ng mamamayan ang pagbabasura sa Foreign Investments Act, Mining Act, Retail Trade Law, Oil Deregulation Law, Bank Liberalization Law at iba pang batas at pakanang nagbibigay-laya sa malalaking dayuhang kapitalista na pagharian at kontrolin ang ekonomya ng Pilipinas at pahirapan ang mamamayang Pilipino.

Ang Bayan * Hunyo 2001

7



Sa ikalawang kwarto ng taon

i bababa sa 30 ang naitalang kaso ng mga paglabag sa karapatang-tao mula nang maluklok ang rehimeng Macapagal-Arroyo hanggang ikatlong linggo ng Hunyo. Umabot na sa 54 ang nabibiktima ng walang-pakundangang pamamaril, mga arbitraryong pag-aresto at pagbimbin, mga pagdukot (forced disappearances), iligal na panghahalughog, harasment at koersyon.

Inaasahang lalo pang darami ang mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao at mga alituntunin sa digma bunga ng pag-uutos ni Macapagal-Arroyo ng malawakang opensibang militar laban sa rebolusyonaryong kilusan.

Ang sumusunod ang ilan pa sa mga naitalang paglabag sa mga karapatang-tao nitong ikalawang kwarto ng taon:

HUNYO 19. Pagdemolis ng mga pulis at Demolition Team ng

National Housing Authority sa mga bahay sa Baryo Mandaragat, Balicbalic sa Smokey Mountain sa Ton-

do. Hinaras, binugbog at pinagkukulong ng mga nandemolis ang mga residenteng nanlaban. Tinangay pa ng mga nandemolis ang mga damit, salapi at iba pang ari-arian ng mga residente.

HUNYO 15. Pagparatang ng pulisya kay Felix Robrigado, isang dating estudyante sa UP, bilang siyang pumaslang kay Cagayan Gov. Aguinaldo. Natagpuan umano ng mga pulis ang pang-estudyanteng ID ni Robrigado sa pinagtaguan ng mga Pulang mandirigmang nagparusa kay Aguinaldo. Ani Robrigado, 1999 pa nawala ang kanyang ID habang nakikipamuhay sa mga magsasaka sa Cagayan.

HUNYO 10. Pagpapabaya ng mga tropa ng 22nd IB sa mga labi ni Ma. Graciella "Ka Sisa" Miranda, isang Pulang mandirigma, sa Sityo

Tugawe, Barangay Bololo, Guinobatan, Albay. Mata-

pos paslangin ang gerilya sa isang opensibang militar, iniwan na lamang ng mga sundalo ang kanyang bangkay upang mabulok sa

■ noong mga nakaraang buwan. Ngunit inaamin mismo ng tatlong higanteng kumpanya ng langis na kumita sila ng P6.7 bilyon noong taong 2000. Ang Shell, na pinakamalaki sa tatlo, ay nagkamal ng P270 milyon.

Noong Nobyembre 2000, ang pandaigdigang presyo ng langis ay may abereyds na \$30.32 kada bariles. Noong Disyembre 2000, bumagsak ang pandaigdigang presyo sa \$21.65 kada bariles (o \$8.67 pagbaba). Subalit noong Enero lamang ibinaba ng tatlong higanteng kumpanya ang presyo ng langis nang 50 sentimo bawat litro lamang, sa bisa umano ng pakiusap ni Estrada sa kanila.

Sa kabila nito ay nagkamal pa rin ng superganansya ang mga monopolyong kumpanya sa langis dahil bukod sa pagbaba ng presyo ng la- ngis sa pandaigdigang pamilihan noong Disyembre 2000, pansamantalang inalis ni Estrada ang 3% taripa na obligadong bayaran ng sinumang nag-aangkat ng mga produktong petrolyo.

Pagtatanggol sa pagsasamantala

Pansamantalang pinigilan ang pagtaas ng presyo ng langis mula Pebrero hanggang matapos ang elek syon noong Mayo 14 sa layuning suportahan ang pagsisikap ng bagong rehimen at naghaharing sistema na makapagkonsolida matapos dumanas ang huli ng kombulsyon noong Enero. Ngayong may inabot nang isang antas ng konsolidasyon ang bagong rehimen, todo na ang pagtataguyod ni Macapagal-Arroyo sa batas sa deregulasyon na sumusuhay sa malalaking kumpanya ng langis na walang rendang magtaas ng presyo ng kanilang produkto. Pipigain nila nang husto ang dugo at pawis ng sambayanang Pilipino magkamal lamang sila ng dambuhalang tubo.

Kung paanong walang renda ang mga kumpanyang ito sa pagtaas ng presyo ng kanilang produkto na ibayong nagpapahirap sa sambayanan, siya rin dapat ang determinasyon ng mamamayan sa paglaban.

PANANALANTA NG PASISTANG ESTADO



lugar na pinagkubkuban sa mga kasama.

unang Linggo ng Hunyo. Pagpapataw ng *curfew* ng mga pwersa ng 24th IB sa mga residente ng Barangay Nabuklod, Floridablanca, Pampanga na bahagi ng pinag-

lulunsaran ng pagsasanaymilitar na CARAT 2001 ng pinagsamang mga tropang Amerikano at AFP; panliligalig sa komunidad ng mga Aeta na tinitirhan ng

may 400 pamilya sa pamamagitan ng paggala ng mga sundalo sa mga komunidad at pag-usisa sa mga pangalan at hanapbuhay ng mga tao sa bawat bahay.

MAYO 29. Pagpapalikas sa mahigit 800 pamilya sa walong magkakaratig na mga barangay sa Malita, Davao del Sur sa ngalan ng pagtugis sa mga umatake sa Pearl Farm Beach Resort sa isla ng Samal; pagsosona ng mga tropa ng 25th IB sa mga baryo sa baybay-dagat ng Malita, Davao del Sur at walangkatwirang pagbabawal sa mamamayan dito na maglabas-masok sa lugar. Sapilitan pang pinapila ng mga sundalo ang kalalakihan sa magkakatabing baryo. Dalawang lalaking nakabonet ang inutusan ng mga sundalong piliin mula sa mga ito kung sino ang umatake sa Pearl Farm.

MAYO 28. Pagmasaker ng mga sundalo ng 69th IB at Tarlac PNP sa tatlong sibilyan sa isang pakikisagupa sa BHB. Ang mga sibilyan ay nakilalang sina Marcelino dela Cruz, isang Aeta na pastor ng United Methodist Church; at Remy Rueda Rivera at Adelaida Cabiao, mga magsasaka ng Sityo Baag, Barangay San Pedro, San Jose, Tarlac. Dinakip din sina Jun-Jun Morales, edad 18; Gerardo Blanco, 17; at Melanie dela Cruz, 17 at apat na buwang buntis na asawa ni Marcelino. Ilan sa mga nasawi

> ay may tama ng bala sa ulo. Ayon sa mga nakasaksi, ang mga bangkay ay pinagkakaladkad at pinagbabalibag ng mga berdugo sa pinaglulanang helikopter.

MAYO 10. Pagsalbeyds kay Virgilio Alcantara, kapatid ni Tirso "Ka Bart" Alcantara na tagapagsalita ng Melito Glor Command ng Timog Katagalugan, sa Barangay Binan, Pagsanjan, Laguna

MAYO 5-6. Malawakang pagsona,

pagreyd, iligal na pag-aresto at paghahasik ng lagim ng mga elemento ng Philippine Army, Philippine Marines at SWAT ng PNP sa mga maralitang komunidad sa

Maynila, Malabon, Navotas at Caloocan City na pinaghihinalaang tirahan ng mga lider ng pwersang maka-Estrada. Ilampung residente ang inaresto. Sa Barangay Tangos, Dagat-Dagatan, Caloocan City, nalunod noong Mayo 5 ang apat-nataong gulang na si John Gabriel Damasco nang tumalon ito sa ilog kasama ng kalalakihang umiwas sa mga nagreyd na pulis.

MAYO 3. Maramihang iligal na pag-aresto ng mga kagawad ng militar at pulisya sa mga lalaking kabataang residente ng Barangay 101 at 105 o "Happyland". Isa itong temporaryong *settlement site* para sa mga dating taga-Smokey Mountain sa Tondo, Maynila. Pinaghubad sila bago sapilitang pinasakay sa pito hanggang 10 siksbay.

ABRIL 30. Pagpatay ng armadong kalalakihan sa reeleksyunistang si Konsehal Peter Dangiwan ng Bayan Muna bandang umaga sa Barangay Tawang, Balbalan, Kalinga. Si Dangiwan ay kilalang tagapagtanggol ng mga karapatang-tao at tagapagtaguyod ng interes ng mamamayan. Tutol siya sa pagpasok ng mga dayuhang korporasyon sa pagmimina at sa presensya ng mga sundalo ng AFP. Isinulong din niya ang pagbuwag sa CAFGU sa Balbalan.

ABRIL 26-MAYO 7. Pagbomba, pagpataw ng *food blockade*, panghaharas, pagbabanta, pagnakaw at

pagwasak sa ari-arian ng mga Banwaon na nakatira sa Barangay Balit, San Luis, Agusan del Sur. Ginawa ito kaugnay ng malawakang operasyong militar na

inilunsad ng mahigit 300 tropa ng 62nd, 36th, 28th at 20th IB sa ilalim ng Task Force Diamond.

Tatlong sibilyan ang namatay at lima ang nasugatan sa pambobomba. Di bababa sa apat na bata ang kinailangang ipagamot dahil sa *shock*. Pinaulanan ang barangay ng 45 bala ng 105 mm howitzer, 10 bala ng 90 RR at 24 bala ng 81 mm mortar.

Isang sakahan ang nawasak, tatlong bahay ang nasunog at dalawang bomba ang sumabog malapit sa isang eskwelahan.



Tinuligsa, tumitinding militarisasyon sa Oriental Mindoro

Ang mamamayan sa Oriental Mindoro, laluna ang masang magsasaka, ay kasalukuyang nililigalig at sinasalanta ng matinding militarisasyon sa ilalim ng rehimeng US-Macapagal-Arroyo.

Mula unang linggo nitong Mayo, dumagsa at nag-operasyon sa Mindoro ang may tatlong batalyon ng Philippine Army (kabilang ang Scout Rangers) at PNP Special Forces, dagdag sa mga dati nang mga pwersa ng kaaway na nakapakat dito. Layunin ng kanilang mga operasyong militar na halukayin ang kanayunan at tugisin ang mga pwersa ng Bagong Hukbong Bayan. Ngunit walang

ibang napipinsala sa mga operasyong ito kundi ang masang magsasaka at minorya sa prubinsya.

Kaugnay nito, naglabas ng pahayag noong Mayo 25 ang Lucio De Guzman Command (LDGC) ng Bagong Hukbong Bayan sa Oriental Mindoro. Tinuligsa ng LDGC ang matinding militarisasyon sa isla at nanawagan sa mamamayan na magpakatatag at itaas ang antas ng paglaban sa harap ng ganitong

hamon. Ayon sa LDGC, "Nababahala na ang naghaharing uri sa mga munting tagumpay ng rebo-ORIENTAL MINDORO lusyo-OCCIDENTAL nary o n g kilusan na nakamit nitong nakaraang buwan sa larangan ng pulitika at militar na nagre-Operasyong sulta sa paglawak at paglalim ng baseng masa ng Detatsment rebolusyon." Reaksyon din ito ng kaaway sa nailunsad

na mga taktikal na opensiba ng BHB, pagparusa ng kilusan kina Ret. Maj. Cesar Platon at Rep. Marcial Punzalan Jr., at pagpapatupad ng patakarang maningil ng access fee mula sa mga reaksyunaryong kandidato nitong nakaraang eleksyon. Kagyat pagkatapos ng eleksyon noong Mayo 14, iniutos ni Macapagal-Arroyo ang pagpapaigting ng mga opensibang militar sa mga larangang gerilya kung saan naganap ang naturang mga rebolusyonaryong hakbangin.

Idinagdag pa ng LDGC na bukod rito, gustong makabawi ng AFP at PNP sa kahihiyang dinanas nila sa pagkakabihag kay Army Maj. Noel Buan nang matagal na panahon at sa maayos na pagpapalaya sa kanya batay sa makataong kadahilanan.

Nakatutok sa Mindoro ang Habol Tamaraw o Campaign Plan 01-2001 ng Southern Luzon Command (SOLCOM). Ekstensyon ito sa Mindoro ng Oplan Makabayan sa Timog Katagalugan. Mula Mayo 7, idinagdag sa mga sandatahang pwersa ng kaaway sa Mindoro ang dalawang batalyon ng Army (16th IB at 74th IB), dalawang kumpanya ng Scout Rangers (2nd at 18th SRC) at isang kumpanya ng Special Forces (6th SFC). Bukod sa mga operasyong kombat, nagsasagawa rin ang mga ito ng mga operasyong paniktik at nagdudulot ng malawakang mga paglabag sa mga karapatang-tao.

Mataas ang kumpyansa ng LDGC na mabibigo ng hukbong bayan at rebolusyonaryong masa ang matitinding operasyong militar ngayon sa Oriental Mindoro. Ibinatay ito ng kumand sa pagbigo ▶



Makatarungan ang pagpaparusa kina Mayor Platon at Rep. Punzalan – Melito Glor Command

BINAYBAY SA MAGKASUNOD NA PAHAYAG NG MELITO GLOR COMMAND (MGC) na ipinaabot sa *AB* kamakailan ang mga dahilan sa likod ng paggawad ng rebolusyonaryong hustisya kina Mayor Cesar Platon ng Tanauan, Batangas noong Mayo 7 at Rep. Marcial Punzalan ng Quezon noong Mayo 12.

Anang MGC, ikinagalak ng mamamayan ang pagpaparusa kina Platon at Punzalan sapagkat ang mga ito ang "pinakasagadsagaring kontra-rebolusyonaryo sa hanay ng naghaharing uri na naging simbolo ng pang-aapi at kontra-rebolusyonaryong paniniil." Ang pagpaparusang ito ay babala sa naghaharing uri na "hindi na nila magagawa nang walang taning ang paniniil at pagsasamantala sa masang anakpawis nang hindi tinatamasa ang haplit ng rebolusyonaryong hus-

tisya."

Sumusunod ang mga inihanay ng MGC bilang batayan ng pagpaparusa kay Mayor Cesar Platon:

- 1. Pagiging aktibong kontrarebolusyonaryo at anti-mamamayang alkalde ng Tanauan; pagtugis sa mga lider at organisador ng hayag na demokratikong kilusang masa:
- 2. Pagkandili at pakikinabang sa malalaking sindikato sa *carnapping*, *hijacking* ng mga *container*

■ ng mga rebolusyonaryong pwersa sa mga malakihang operasyong militar at sikolohikal mula 1987 hanggang 2000 (Oplan Saliksik I & II, Enero-Marso 1988; Oplan Upland Linis, Oktubre 1988; PNP Experiment, 1991-92; at iba pang kasunod na malakihang operasyong militar at sikolohikal noong 1999-2000 sa pangunguna ng Task Force Mindoro at Task Force Seagull).

Anang LDGC, sobra ngayong nababanat ang mga sandatahang pwersa ng kaaway at nagigipit na rin sila sa rekurso habang masyadong nagkokonsentra sila sa ilang lugar. "Sa pagkonsentra ng kanilang operasyong militar sa Romanbul (Roxas-Mansalay-Bulalacao – *AB*) na posibleng ilunsad nila bago lumakas ang ulan ng Hunyo, tiyak na luluwag ang ibang bayan at kanayunan ng prubinsya para sa ating pagpapalawak ng baseng masa at sa mga piling aksyong militar ng ating Hukbong Bayan." Lumalaking disbentahe para sa mga kaaway ang patuloy na pagnipis ng pakat nila sa ilang lugar. "Kahit sa mga lugar na kanilang kinokonsentrahan ng operasyong militar, may mga pagkakataon ding makakabira tayo sa napapahiwalay

at mahinang bahagi ng kaaway." Sa kabilang banda, kabisado ng BHB ang tereyn sa kanayunan.

Higit sa lahat, nakasandig ang tiwala ng LDGC sa matibay na suporta ng mamamayan, "dahil nasa ating panig ang makatarungan at makataong batayan ng paglaban ng inaapi at pinagsasamantalahang uri upang mabago nang lubusan ang kanilang kalagayan at ang buong lipunan."

Sa pagsisikap ng reaksyunaryong hukbo na gawin ang lahat upang mawasak ang mahigpit na ugnayan sa pagitan ng masa at BHB, anang LDGC, hindi sila nangingiming pinsalain ang pinagsasamantalahan at aping mamamayan. Sasalantain ng mga pasistang tropa ang kanilang kabuhayan, bubulabugin ang kanilang pamumuhay sa komunidad at yuyurakan ang kanilang mga karapatan.

Sa harap ng mga ito, nanawagan ang LDGC sa mamamayan ng prubinsya na manindigan at magpakatatag. Pinaghanda ng LDGC ang mamamayan upang harapin ang panibagong direktiba ng rehimeng Macapagal-Arroyo na lipulin ang BHB.



van, gunrunning at droga;

- 3. Pagpatay, panggigipit at pananakot sa mga katunggali sa lupa at pangangamkam ng lupa sa Tanauan; paggamit ng pwersa ng sandata para lutasin ang sigalutan sa kanyang mga katunggaling personal o pampulitika.
- 4. Pinakahuling kasalanan niya ang pagbitag at pagpapahuli sa sugo ng MGC na kakausap sana sa kanya kaugnay sa eleksyon.

Ayon sa MGC, hindi humantong sa reaksyunaryong korte ang mga

demoralisa at pagpapasuko sa mga pwersang gerilya;

- 2. Pagsamantala at pakikinabang sa kontra-rebolusyonaryong opensiba sa propaganda ni Mabilangan sa ilalim ng rehimeng Ramos para pabanguhin ang sarili sa publiko at linlangin ang mamamayan, para sa sariling pampulitikang interes;
- 3. Pagpondo sa Kanayunan Foundation, Inc. (KFI), isang huwad na kilusang kooperatibang pinamunuan ni Mabilangan para sa kontrainsureksyon at pasipikasyon, na nanabotahe sa mga larangang gerilya sa Quezon at Batangas.

Tinuligsa ng MGC ang paggamit ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa mga naturang pagpaparusa bilang katwiran sa paglulunsad ng mga opensibang militar laban sa rebolusyonaryong kilusan.

kasong pagpatay ni Platon sapagkat namayani sa kanyang mga inagrabyado ang takot. "Sa hukumang bayan ng rebolusyonaryong gubyerno nakasumpong ng lakas ng loob ang mga inagrabyado ni Platon na magsampa ng demanda at humingi ng katarungan," dagdag ng MGC.

Ang sumusunod naman ang ilang ihinanay ng MGC bilang batayan ng pagpaparusa kay Rep. Marcial Punzalan:

1. Pagkandili sa mga kontrarebolusyonaryong aktibidad ng taksil na si Leopoldo "Hector" Mabilangan para hatiin, intrigahin at sulsulan ang malawakang pagdeBandang 1995, sinuspinde ng MGC ang pagpapatupad ng parusang kamatayan kay Punzalan. Ito'y matapos manahimik ang huli sapul nang parusahan ng rebolusyonaryong kilusan si Mabilangan, manyutralisa ang KFI at maramdaman niya ang muling paglakas ng armadong kilusan sa Timog Katagalugan. Ihinarap lamang ng MGC kay Punzalan ang kanyang mga pagkakasala at binalaan siya tungkol sa mga ito.

Subalit nitong 1998 at 1999, muling aktibong nakikoro si Punzalan sa pakanang *psy-ops* ng reaksyunaryong AFP. Tinangka niyang intrigahin at siraan si Kasamang

Gregorio "Ka Roger" Rosal at ang mga lider ng kilusan sa rehiyon sa pamamagitan ng mga paratang na diumano'y mayroon silang mga nakatagong yaman at marangyang namumuhay. Namayagpag si Punzalan sa pagbibigay ng mga panayam sa radyo at mga nangungunang dyaryo.

Bunga ng mga ito, tinapos na ng MGC ang mahabang panahon ng pagbibigay-pagkakataon kay Punzalan na talikuran ang mga kontrarebolusyonaryong aktibidad.

Tinuligsa ng MGC ang paggamit ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa mga naturang pagpaparusa bilang katwiran sa paglulunsad ng mga opensibang militar laban sa rebolusyonaryong kilusan. Sinabi ng MGC na ni saglit, hindi naman tumigil sa paglulunsad ng mga kontrarebolusyonaryong opensibang militar ang AFP at PNP sa Timog Katagalugan at sa buong kapuluan kahit nang mapatalsik si Estrada. Ito'y sa kabila ng muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan at diumano'y pagsasaisantabi ni Macapagal-Arroyo sa patakarang todo-digma ni Estrada.

Ayon pa sa MGC, "Sing-aga pa ng Mayo 3 (ilang araw bago ang pagpaparusa ng BHB kina Platon at Punzalan – AB), nakakuha ang MGC ng kopya ng confidential presidential instruction mula kay Macapagal-Arroyo at DND Sec. Angelo Reyes na nag-aatas para sa intensipikasyon ng mga operasyong militar para mapalakas ang pusisyon ng GRP sa negosasyong pangkapayapaan sa NDFP" at pagkaitan ang NDFP ng pagkakaton na magamit ang usapan para makapagpalakas.

Pagsuspinde ng GRP sa usapang pangkapayapaan, binatikos ng NDFP

SINUSPINDE NG GRP NITONG HUNYO 14 ANG PAKIKIPAG-USAP NITO sa NDFP bilang protesta diumano sa pagpaparusa ng BHB sa pusakal na pasista at kontra-rebolusyonaryong si dating Col. Rodolfo Aguinaldo (tingnan ang kaugnay na balita sa p. 14). Sa pamamagitan ng magkahiwalay na mga pahayag nina Luis Jalandoni (tagapangulo ng NDFP panel) at Jose Ma. Sison (punong pampulitikang konsultant ng NDFP), mariing binatikos ng NDFP ang makaisang-panig at di rasonableng hakbangin ng GRP.

Sinabi ni Jalandoni na ang pagsuspinde ng GRP sa usapang pangkapayapaan sa ngalan ng manonortyur na si Aguinaldo ay isang gahiganteng kabalintunaan. Si Aguinaldo ay nasa talaan ng Amnesty International bilang isang nangungunang manonortyur sa Pilipinas.

Idiniin ni Jalandoni na ang paggigiit ng NDFP sa implementasyon ng CARHRIHL ay nakabatay mismo sa "kahiya-hiyang kawalang-kakayahan o pagtanggi ng GRP na parusahan o sagkaan ang mga tauhan nitong lumalabag sa mga karapatang-tao at internasyunal na makataong batas". Ang GRP, ani Jalandoni, ay nabigo o tumangging gawaran ng katarungan ang halos 10,000 biktima ng diktadurang Marcos na nanalo sa isinampa nilang kaso sa US federal court sa Hawaii. "Sa kaso ni Aguinaldo, ang daan-daang biktima ng kanyang sadistikong kahayupan ay naghintay nang halos 30 taon bago matugunan ang kanilang mga hinaing."

Sinabi ni Jalandoni na sa kabila ng pagkakaroon ng katayuang sibilyan ni Aguinaldo nitong huling mga taon, nagpatuloy ito sa mga gawaing militar. "Namayagpag siya habang lulan ng mga *armored* personnel carrier, nagrekrut ng

mga elemento sa notoryus na paramilitar na CAFGU at ginamit ang mga ito bilang sariling pribadong hukbo. Nagpatuloy siya sa gawaing paniktik. Bukod rito, sangkot siya sa iligal na droga, pagbibigay-proteksyon sa mga iligal na magtotroso at isa siyang kinatataku-

tang political warlord".

Kaugnay nito, sinabi ni Sison sa kanyang pahayag na ang ginawa ng negotiating panel ng GRP ay naglalatag ng katwiran para sa pagwawasak sa buong pakikipagnegosasyong pangkapayapaan sa NDFP.

Ani Sison, "kung iniisip ng GRP na ang pagtatanghal nito sa berdugo at manonortyur na si Aguinaldo bilang isang martir at santo ay mabuting dahilan para itigil ang

pag-uusap, ano ang makapipigil sa NDFP na igiit muna ang katarungan para sa mga naging biktima ni Aguinaldo at para sa napakaraming iba pang biktimang naging desaparesido, mga tinortyur at pinaslang, mga biktima ng arson at sapilitang pagpapalikas sa ilalim ng iba't ibang rehimen ng GRP bago ito pumasok sa negosasyong pangkapayapaan?"

Kung magdedeklara ng tigiisang araw man lamang na pagsus-

pinde ang NDFP para sa bawat isa sa daan-libong kataong nilabag ang karapatan sa ilalim ng rehimeng Marcos hanggang sa rehimeng Macapagal-Arroyo, aniya, walang magaganap na usapang pangkapayapaan kahit malaon nang lipas ang paghahari ni Macapagal-Arroyo

Macapagal-Arroyo. Dahil sa iresponsableng hakbanging ito ng negotiating panel ng GRP, sinabi ni Sison na "handa ang NDFP na itigil ang pakikipagnegosasyon sa GRP hanggang matapos paghahari ang pangkating Macapagal-Arroyo." Idiniin niya na ang sosyo-ekonomiko at pampulitikang krisis ng naghaharing sistema ay napakapaborable para sa pagsusulong ng digmang bayan para sa pam-

Dahil sa iresponsableng hakbanging ito ng negotiating panel ng GRP, sinabi ni Sison na "handa ang NDFP na itigil ang pakikipagnegosasyon sa GRP hanggang matapos ang paghahari ng pangkating Macapagal-Arroyo."

Col. Aguinaldo, pinarusahan ng BHB

GINAWARAN NG REBOLUSYONARYONG HUSTISYA NITONG HUNYO 12 SI dating Col. Rodolfo Aguinaldo sa tapat ng mismong tirahan niya sa Tuguegarao City. Si Aguinaldo, na kilalang nangungunang manonortyur sa bansa at tinaguriang "bwitre ng Cagayan" dahil sa pagiging pusakal na pasista at kontra-rebolusyonaryo, ay pinarusahan ng isang tim mula sa Fortunato Camus Command (FCC) ng BHB-Cagayan.

Sa pahayag nito, sinabi ng FCC na malaon nang humihiyaw ng hustisya ang mga naging biktima ni Aguinaldo. Pinarusahan siya dahil sa kanyang mahabang listahan ng mga krimen laban sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan, kabilang na ang pagsalbeyds, pagtortyur at pang-aabuso sa mga nadarakip na kadre at aktibista, panggagahasa sa mga asawa at kamag-anak na babae ng pinaghihinalaang mga Pulang mandirigma, sapilitang pagpapalikas, maramihang pang-aaresto at pananakot sa mga tagasuporta ng rebolusyonaryong kilusan. Sangkot din siya sa ismagling ng iligal na droga, troso at tao at sa terorismo at pandaraya sa eleksyon.

Nakarekord ang maraming karumal-dumal na kasalanan ni Aguinaldo sa mga publikasyon ng Amnesty International, Task Force Detainees (TFD), SELDA, sa isang class suit na isinampa ng mga bilanggong pulitikal laban sa kanila ng yumaong Gen. Fabian Ver at iba pang pinuno ng AFP noong 1985, sa isa pang class suit ipinanalo ng SELDA sa Hawaii laban sa diktadurang Marcos, at sa marami pang ibang dokumento. Sa isang ulat ng TFD noong 1980, inilarawan si Aguinaldo bilang "isang masugid at sistematikong manonortyur" at "kilalang-kilala na ang kanyang mga sesyon ng hibang na pagtortyur... ay nag-iwan ng mga permanenteng pinsala sa maraming detenido". Anang Catholic Bishop's Conference of the Philippines (CBCP), ang pagpatay kay Aguinaldo ay "isang komentaryo sa kabiguan ng sistema ng hustisya". Ayon sa pangulo ng CPCB na si Arsobispo Orlando Quevedo ng Cotabato, di kailan man sinervoso ng administrasyon nina Aquino at Ramos ang pag-uusig sa mga opisyal ng militar na inakusahan ng mga paglabag sa karapatangtao. At ito ang dahilan kung bakit ang BHB ang siyang inaasahan ng mamamayan para igawad ang mga kaparusahang bigong naipapatupad ng reaksyunaryong sistema ng hustisya sa bansa.

Si Aguinaldo ay myembro ng Philippine Military Academy Class '72. Sa unang mga taon ng batas militar, kabilang siya sa pusakal na 5th Constabulary Security Unit. Naging PC provincial commander siya ng Cagayan noong unang bahagi ng dekada 1980. Bilang provincial commander, nagpatupad siya ng serye ng mga mapanupil na kampanyang militar, kabilang ang "Oplan North Star". Kasama rin siya sa mga naglunsad ng kudeta laban sa rehimeng Aquino noong 1987 at 1989.

Sa bisa ng malawakang terorismo at pandaraya, naging gubernador siya ng Cagayan mula 1988 hanggang 1998, at kongresista ng ikatlong distrito ng prubinsya mula 1998 hanggang natalo siya sa eleksyon noong Mayo 14. Tampok sa kanyang panunungkulan bilang gubernador at kongresista ang mga kaso ng pangungurakot na isinampa sa kanya.

◄ bansang kalayaan at demokrasya.

Samantalang sinuportahan ng mga militarista ang suspensyon ng pag-uusap, binatikos ito ng mga progresibong pwersa at lahat ng mga interesado sa pagkamit ng kapayapaan. Ang pag-uwi ng *negotiating panel* ng GRP noong Hunyo 16 ay sinalubong ng mga aksyong

protesta sa Ninoy Aquino International Airport.

Sa harap ng mga pagbatikos na ito, binawi ng GRP kinabukasan ang pagsuspinde sa pag-uusap. Ayon kay Silvestre Bello III, pinuno ng *negotiating panel* ng GRP, "ini-*recess*" lamang nila nang dalawang buwan ang pag-uusap at itutuloy ito sa Agosto.

Pandaigdigang liga sa pakikibaka ng mga mamamayan, itinatag

Isinilang na ang liga para sa pakikibaka ng mga mamamayan ng daigdig laban sa halimaw na imperyalismo.

Noong Mayo 25-27, inilunsad ang unang asembliya ng International League of Peoples' Struggle (Internasyunal na Liga sa Pakikibaka ng mga Mamamayan o ang Liga) sa Zutphen, The Netherlands.

Ang Liga ay magsisilbi bilang isang malawak na pandaigdigang anti-imperyalista at demokratikong pangmasang pormasyon. Dala-dala nito ang anti-imperyalista at demokratikong linya. Nagsisikap itong bigkisin ang isang malawak na pandaigdigang nagkakaisang prente upang imulat, organisahin at pakilusin ang daan-daang milyong mamamayan ng daigdig sa pakikibaka para sa demokrasya at panlipunang



kalayaan laban sa imperyalismo at reaksyon.

Ayon sa komunike ng Liga tungkol sa okasyon, "ito ay isang makasaysayang sandali para sa lahat ng mga progresibong pwersa sa buong mundo, na nakikibaka para sa pambansang kasarinlan, de-

> mokrasya at panlipunang kalayaan laban sa imperyalismo at reaksyon."

> Ang idinaos na asembliya ay dinaluhan ng 336 manggagawa, magsasaka, kinatawan ng iba't ibang mga pambansang minorya, kababaihan, kabataan, mga propesyunal at representante ng iba pang sektor. Kinatawan

nila ang 232 organisasyong masa mula sa 40 bansa sa daigdig. Tinalakay sa asembliya at niratipika ang tsarter at mga resolusyon hinggil sa mga adhikain ng Liga. Naghalal din ng mga kagawad sa mga komiteng tagapagkoordina at pangkalahatang kalihiman nito. Ang internasyunal na asembliya ang pinakamataas na organo ng Liga.

Ang ASIMB LIYA AY BINIK SAN NI Kasamang Jose Maria "Joema" Sison, tagapangulo ng International Initiative Committee (IIC). Iniulat niya ang mga paghahandang ginawa ng IIC para sa unang pangkalahatang asembliya ng Liga.

Sa pagbaybay sa istorikong pinagmulan ng Liga, inilahad ni Ka Joema na ito "ay humahalaw ng inspirasyon sa mga anti-imperyalista at demokratikong pakikibakang masa na sumibol mula pa

Ang Liga ay dinaluhan ng 336 delegadong kumakatawan sa 232 organisasyon mula sa 40 bansa: Afghanistan, Argentina, Australia, Austria, Bangladesh, Belgium, Benin, Brazil, Burma, Canada, Congo, Dominican Republic, Ecuador, England, France, Germany, Greece, India, Indonesia, Iran, Italy, Japan, Luxembourg, Malaysia, Mexico, Nepal, Netherlands, New Zealand, Niger, Norway, Pakistan, Peru, Philippines, Scotland, South Korea, Spain, Switzerland, Thailand, Turkey at USA.

Ang Bayan * Hunyo 2001

noong ika-20 siglo." Ang kasalukuyang lakas ng Liga ay halaw sa mga anti-imperyalistang kilosprotesta nitong mga nakaraang taon, gaya ng sa Manila (APEC, 1996), Vancouver (APEC, 1997), Seattle (WTO, 1999), Washington (IMF-World Bank, 2000), Okinawa ("Group of 7", 2000) at Prague (World Bank, 2000).

Binigyang-diin ni Ka Joema ang kabuluhan ng Liga sa panahong hinahambalos ng imperyalismo ang mamamayan sa anyo ng papatinding kahirapan, kagutuman, kaguluhan at kawalang-katarungan. Aniya, "tinutugunan ng Liga ang mahigpit na pangangailangan ng malawak na masa ng mamamayan na likhain ang isang pandaigdigang pwersang pampakilos sa pakikibaka para sa pambansang kasarinlan, demok-

rasya at panlipunang kalayaan."

PINAGTIBAY NG LIGA ANG PAGPAPA-laganap, pagtataguyod at pagpapaunlad ng mga anti-imperyalista at demokratikong pakikibaka ng mga mamamayan sa mundo. Panata ng Liga na ilantad at labanan ang pananalanta ng imperyalismo at reaksyon sa pamamagitan ng mga papet na estado, mga multinasyunal, mga imperyalistang ahensya gaya ng IMF, WB at WTO, at mga alyansang militar gaya ng NATO at US-Japan Security Council.

Upang epektibong maikoordina ang lahat ng ganitong mga pakikibaka ng mamamayan, binigyangdiin ang pagpapanatili ng Liga sa katangian nitong malawak at pangmasa. Hindi ito paiilalim sa anumang pampulitikang partido, relihiyon o estado at tatamasa ang lahat ng kalahok na organisasyon ng pantay na karapatan.

Nagsagawa ng 15 workshop kung saan nagpalitan ang mga delegado ng mga karanasan, impormasyon, ideya at panukala. Binuo rito ang 18 adhikaing itataguyod ng Liga. Bumuo rin sila ng mga resolusyon kaugnay ng mga adhikaing ito. Nilalaman ng mga ito ang hangarin ng mamamayan ng daigdig na humulagpos mula sa imperyalismo, na siyang tinukoy na ugat ng napakasaklaw at malalim na kahirapang gumagapos sa kanila.

KIKILOS ANG LIGA UPANG PALAGAnapin ang kaisahan sa mga isyung kinakaharap ng mga anti-imperyalista at demokratikong kilusan. Tungo rito, sisikapin ng Liga na

Pinagtibay ng Liga na maninindigan at makikibaka ito para sa sumusunod na mga adhikain:

- 1. Pambansang pagpapalaya, demokrasya at panlipunang kalayaan laban sa imperyalismo at lahat ng reaksyon
- 2. Sosyo-ekonomikong pagunlad para sa mga inaapi at pinagsasamantalahang mga bansa at panlipunang pagkakapantay-pantay para sa lahat ng masang anakpawis
- 3. Karapatang-tao sa larangang sibil, pampulitika, pang-ekonomya, panlipunan at pangkultura laban sa karahasan ng estado, pambansang pang-aapi, makauring pagsasamantala, pang-aaping pangkasarian, pasismo,

- sistemang *caste* (tradisyunal na makauring istruktura sa India at ilang karatig-bansa -AB), rasismo at relihiyosong panatisismo
- **4.** Makatarungang kapayapaan at pakikibaka sa mga gerang kontra-rebolusyonaryo at agresyon at laban sa mga sandatang nukleyar, biolohikal at kemikal, mga *missile* at iba pang sandata ng henosidyo at walang pagtatanging malawakang pagwasak.
- **5.** Pagtataguyod sa mga karapatang pang-unyon at demokratiko ng uring manggagawa, pagpapaunlad ng mga kundisyon sa sahod at pamumuhay laban

- sa lahat ng anyo ng papatinding pagsasamantala, at pangwawasak sa mga organisasyon ng uring manggagawa habang isinusulong nila ang kanilang istorikong misyon ng paglaban para sa panlipunang pagpapalaya.
- **6.** Repormang agraryo at karapatan ng mga magbubukid at mangingisda laban sa pyudal, malapyudal at kapitalistang pagsasamantala at pang-aapi
- 7. Pagpapalaya sa kababaihan at karapatan laban sa lahat ng anyo ng pangkasariang diskriminasyon, pagsasamantala at karahasan
- **8.** Karapatan ng kabataan sa edukasyon at trabaho
- **9.** Karapatan ng mga bata laban sa pagpapatrabaho, ▶

mapagbuklod ang mamamayan ng mundo sa pagsasagawa ng mga kongkretong hakbangin, at makamit ang pagkakaisa, kooperasyon at koordinasyon sa pagsusulong ng mga pakikibakang anti-imperyalista at demokratiko. Magsasagawa ito ng mga pananaliksik, paglalathala, kumperensya, seminar at aksyong pampulitika at panlipunan. Maki-

kipagtulungan ito sa pinakamaraming posibleng grupo o indibidwal tungo sa pagsasakatuparan ng mga adhikain ng Liga.

Bukas ang Liga sa paglahok ng anumang organisasyon na handang magtaguyod sa mga adhikain nito.

INIHALAL ANG 35 KATAONG BUBUO NG unang International Coordinating

- pang-aabuso at iba pang anyo ng pagsasamantala sa kanila
- 10. Karapatan ng mga katutubo, pambansang minorya at nasyunalidad sa pagpapasya-sa-sarili at dekolonisasyon laban sa diskriminasyon, rasismo at pambansang pang-aapi ng imperyalismo at reaksyon
- 11. Karapatan ng mga guro, mananaliksik at iba pang tauhan sa edukasyon at pagbaka sa mga ideya at pananaliksik na nakatuon laban sa mamamayan
- **12.** Karapatan ng mamamayan sa pagkalingang pangkalusugan at mga karapatan ng mga manggagawang pangkalusugan
- 13. Agham at teknolohiya para sa mamamayan at pag-unlad, proteksyon ng kalikasan laban sa pandarambong at polusyon at pagsira sa mga pundasyon ng buhay ng tao, karapatan sa ligtas at malusog na pagkain at tubig at oposisyon sa manipulasyon ng *genetic technology* para sa imperyalistang tubo
- 14. Sining at kultura at malayang daloy ng impormasyon sa serbisyo para sa mamamayan at karapatan ng mga alagad ng sining at panitikan, peryodista at iba pang manggagawa sa kultura at laban sa imperyalista at reaksyunaryong propaganda at pang-aapi
- 15. Katarungan at indemnipikasyon sa mga biktima ng iligal na pag-aresto at detensyon (laluna ng mga bilanggong pulitikal), paglabag sa karampatang proseso, tortyur, ekstra-hudisyal na pagpatay, malawakang pagpapalikas, at iba pang lansakang anyo ng paglabag sa karapatang-tao
- **16.** Karapatan at kapakanan ng mga walang tahanan, mga sapilitang napalikas at mga migranteng manggagawang pinalikas ng imperyalismo at mga lokal na reaksyunaryo
- 17. Karapatan ng matatanda sa dignidad at katiwasayan sa pamumuhay
- **18.** Karapatan ng mga bakla, lesbyana, *bisexual* at nagpabago ng kasarian laban sa diskriminasyon, pagiging sarado at pagkamuhi sa anumang kakaiba sa kinagisnan (*xenophobia*).

Committee (ICC o Internasyunal na Komiteng Tagapagkoordina). Sa pagitan ng mga internasyunal na asembliya, ang ICC ang magsisilbing pinakamataas na organo. Ikokoordina nito ang mga koresponsal, pulong, tulungan at samasamang pagkilos ng mga organisasyong kalahok sa Liga. Nahalal dito sina Ka Crispin Beltran ng Kilusang Mayo Uno, Liza Masa ng GABRIELA at Rafael Mariano ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas. Inihalal naman ng ICC sa International Coordinating Group (ICG o Internasyunal na Grupong Tagapagkoordina) sina Crispin Beltran ng Pilipinas bilang tagapangulo; sina Memik Horoz ng Turkey, An Leaerts ng Belgium at Bernardo Ranferi ng Mexico bilang mga pangalawang tagapangulo; Arman Riazi ng Iran bilang pangkalahatang kalihim; sina Cherry Clemente ng Pilipinas at Jim Balikwisha ng Congo bilang mga pangalawang kalihim; Danny Claes ng Belgium bilang ingat-yaman; at Irene Fernandez ng Malaysia bilang awditor. Kinilala ang naging papel ni Ka Jose Maria Sison bilang tagapangulo ng International Initiative Committee at inanyayahan siyang magsilbing tagapayo ng Liga.

Humigit-kumulang 50 organisasyong masa mula sa Pilipinas ang dumalo sa asembliya. Ang masigla at mabungang partisipasyon dito ng mga nakikibakang organisasyong Pilipino, katulad rin ng mga mula sa ibang bansa, ay ambag sa walangkamatayang diwa ng pakikipagkaisa at determinasyon ng mamamayan ng daigdig na makibaka hanggang sa magapi ang imperyalismo.

MGA BALITA NG PAKIKIBAKA



1 SUNDALO PATAY, 3 SUGATAN SA AMBUS SA COMPOSTELA VALLEY

ISANG sundalo mula sa 60th IB ng Philippine Army ang napatay sa ambus na inilunsad ng mga Pulang mandirigma sa Barangay Casoon, Monkayo, Compostela Valley nitong Hunyo 20. Dalawa pang sundalo at isang elemento ng CAFGU ang nasugatan sa pananambang. Nagsasagawa ng *combat patrol* ang mga pwersa ng kaaway nang sila ay ambusin.

PWERSA NG PNP TINAMBANGAN SA MINDORO

DALAWANG pulis ang napatay at isa ang malubhang nasugatan sa ambus ng BHB nitong Hunyo 13 sa Paluan, Occidental Mindoro. Ang mga pulis ay kabilang sa 408th Provincial Mobile Goup na nakabase sa Mamburao at aktibo sa mga kontra-rebolusyonaryong operasyon.

Bago nito, isang pulis din ang napatay at dalawa ang sugatan sa isa pang ambus na inilunsad ng BHB sa bayan ng Calintaan sa kaparehong prubinsya noong Mayo 13.

AMBUS SA TROPA NG AFP, INILUNSAD SA MT. PROVINCE

APAT na sundalo mula sa 22nd Special Forces Coy ang napatay at isa ang nasugatan nang ambusin sila ng mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan sa ilalim ng Leonardo Pacsi Command. Ang pananambang ay inilunsad nang 7:30 ng umaga nitong Hunyo 13 sa Lake Danum, sa hangganan ng Sagada at Besao, Mt. Province.

MGA SUNDALO NG U.S. AT PHILIPPINE NAVY, DINISARMAHAN NG BHB

DINISARMAHAN ng mga Pulang mandirigma ang limang elemento ng US Navy at apat na sundalo ng Philippine Navy nitong Hunyo 5 sa may paanan ng Mt. Pinatubo sa Barangay Sapang Bato, Angeles City, Pampanga. Dalawang ripleng M16 at isang .45 ang nasamsam ng BHB sa naturang pagdidisarma.

Naglalakad pababa ng Mt. Pinatubo ang naturang mga sundalo nang harangin ng mga Pulang mandirigma. Isang upisyal na Amerikano, si Lt. JG (Junior Grade) Scott Allan Washburn ang tumalilis at nagtago nang marinig ang warn-

ing shots na pinawalan ng mga gerilya. Dalawang araw siyang pagala-gala sa kabundukan ng Pinatubo bago siya nakaugnay sa kanyang mga kasamahan.

Ang naturang mga elemento ng US at Philippine Navy ay pawang mga kalahok sa CARAT (Cooperation Afloat Readiness and Training) 2001. Isa ito sa mga magkasanib na pagsasanay-militar ng mga sandatahang pwersa ng Pilipinas at US ngayong taon, bilang bahagi ng pagpapatupad ng Visiting Forces Agreement (VFA). Sinimulan itong idaos sa Clark Field, Pampanga nitong Hunyo 1.

NAGPAPATRULYANG PULIS TINAMBANGAN SA ALBAY

DALAWANG pulis ang napatay at isa ang nasugatan nang tambangan sila ng mga Pulang mandirigma sa ilalim ng Santos Binamera Command (SBC) sa Barangay Pawa, Manito, Albay noong Mayo 30. Nasamsam ng mga gerilya ang mga baril at iba pang gamitmilitar ng kaaway. Ang mga pulis

ay lulan ng kanilang *patrol car* nang sila'y ambusin.

Ayon sa pahayag ng SBC nitong Hunyo 7, ang pagtambang sa mga naturang elemento ng PNP ay bahagi ng tuluy-tuloy na pagpapaigting ng BHB ng mga taktikal na opensiba sa Kabikulan.

MGA BALITA NG PAKIKIBAKA



2 CAFGU PATAY SA ISNAYPING SA NEGROS

DALAWANG elemento ng CAFGU ang napatay nang isnaypin ng mga Pulang mandirigma ang kanilang detatsment sa Barangay Sikatuna, Isabela, Negros Occidental. Ang isnayping ay isinagawa bandang alas-7 ng gabi nitong Hunyo 21. Sinamantala ng BHB ang pagkakaabala ng mga CAFGU sa panonood ng drama sa telebisyon.

IMPORMER NG PNP, PINARUSAHAN SA CEBU

PINARUSAHAN ng Vicente Padayao Command ng BHB-Cebu si Valentin Berenguel sa bayan ng Tabuelan sa nasabing prubinsya nitong Hunyo 6. Kaagad na naglabas ng pahayag ang VPC matapos parusahan ng kamatayan si Berenguel. Ayon dito, pinarusahan si Berenguel dahil sa matagal na niyang pagpapagamit sa PNP sa mga kontra-rebolusyonaryong kampanya.

Anang VPC, si Berenguel ay napatunayang isang bayarang espiya ng PNP laban sa mga rebolusyonaryong pwersa. Naging aktibo siya sa pagpapasuko sa mga mandirigma at mga kasapi ng rebolusyonaryong organisasyong masa. Marami na rin siyang ipinahamak na mga kasama.

MILITARISASYON, NILABANAN; REPORMANG AGRARYO, ISINIGAW NG MGA MAGASASAKA

INUMPISAHAN nitong Hunyo 6 ng daan-daang magsasaka sa pangunguna ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas at Pambansang Samahan ng mga Mamamalakaya ang tatlong-araw na *vigil* sa tulay ng Mendiola. Itinaon nila ang serye ng mga aksyong masa sa darating na ika-13 anibersaryo ng Comprehensive Agrarian Reform Law o CARL. Anila, hanggang ngayon ay biktima ang mga magsasaka ng walang-habas na mga operasyong militar at ng kawalan ng tunay na reporma sa lupa.

Lumahok din sa *vigil* ang Kalipunan ng mga Samahang Magsasaka sa Timog Katagalugan (Kasama-TK) na naglunsad naman ng "Dalawang Linggo ng Protesta Laban sa Militarisasyon at Para sa Reprormang Agraryo" simula noong Mayo 28.

Nanawagan ang mga magbubukid sa rehimeng Macapagal-Arroyo na itigil na ang mga operasyong militar sa Mindoro at mga karatig-prubinsya na nagiging sanhi ng paglikas nila sa kanilang mga bukid; huwag idamay ang mga sibilyan at magsasaka sa todo-digmang inilulunsad sa Mindanao; bigyangpansin ang mga paglabag ng militar at pulisya sa mga karapatangtao; at ipatupad na ang tunay na repormang agraryo at itigil ang malawakang pagpapalit-gamit sa lupa.

Ipinetisyon din ng mga magbubukid noong unang linggo ng Hunyo ang pagpapatalsik kay AFP *chief of staff* Gen. Diomedio Villanueva at Defense Sec. Angelo Reyes dahil sa pagpapasimuno nila ng militarisasyon sa kanayunan.

Binalaan ng mga magsasaka ang rehimeng Macapagal-Arroyo na patatalsikin din nila ito kagaya kay Estrada, kung hindi nito pakikinggan ang mga hinaing ng mamamayan kabilang ang karaingan nilang mga magbubukid.

Kaugnay din nito, 500 magbubukid na kabilang sa Task Force Mapalad ng Bukidnon ang nagpiket sa harap ng Department of Agrarian Reform (DAR) sa Quezon City noong Mayo 29. Ipinanawagan nila ang pagpapatalsik kay DAR Sec. Hernani Braganza. Ayon sa mga nagpiket, wala pang aksyong ginagawa si Braganza upang ganap na tugunan ang hinaing ng mga magsasaka para sa tunay na repormang agraryo.

Ang Bayan * Hunyo 2001

MGA BALITA NG PAKIKIBAKA



ALYANSANG PLUNDER WATCH, BINUO

BINUO noong Mayo 29 ng mga organisasyon at indibidwal na lumahok sa Edsa II ang Plunder Watch. Magsisilbi itong bantay sa napipintong paglilitis sa pinatalsik na pangulong Joseph Estrada at sa mga kasapakat niya.

Sa kanilang pahayag ng pagkakaisa, nangako ang Plunder Watch na tututol ito sa anumang pagtatangka ng mga pwersang maka-Estrada at mga oportunistang pulitiko na baligtarin ang mga tagumpay ng People Power II. Anila, ang Plunder Watch ay isang nagpapatuloy na kilusan para sa katotohanan at katarungan. Nilalayon nitong makatulong sa pagtitiyak na magiging makatarungan at mabilis ang paglilitis ng mga kasong pandarambong laban kay Estrada at mga alipures niya.

Dumalo sa pagtatatag ng Plunder Watch ang mga kinatawan mula sa Kadamay, Kairos Philippines, Bagong Alyansang Makabayan, Bayan Muna, NCCP, August Twenty One Movement, League of Concerned Professionals at Catholic Bishops Conference of the Philippines.

ATTY. CAPULONG, NAHALAL SA INTERNASYUNAL NA HUKUMAN

SI Atty. Romeo Capulong, *legal* consultant ng NDFP, ay nahalal bilang isa sa 27 ad litem o panghaliling hukom ng International Criminal Tribunal for Yugoslavia (ICTY). Ang ICTY ay binuo ng United Nations noong 1993 upang litisin ang mga responsable sa malalalang paglabag sa internasyunal na makataong batas sa nakaraang gera sa Yugoslavia. Gaganapin ang paglilitis sa The Hague, The Netherlands.

Nakuha ni Capulong ang pangatlong pinakamataas na boto (141 sa kabuuang 171) sa mga nominado bilang *ad litem* na hukom ng ICTY. Batay dito, pangatlo siya sa mga papalit sakaling hindi makaganap ang alinman

sa 14 permanenteng hukom ng hukuman.

Si Capulong ay punong abugado rin ng Public Interest Law Center, isang samahan ng mga abugadong nagtataguyod at libreng nagtatanggol sa interes ng mga naaapi. Isa rin siya sa mga naging pribadong tagausig sa naudlot na *impeachment trial* at nagpapatuloy sa ganito ring kapasidad sa kasalukuyang paglilitis sa dating pangulong Estrada at mga kasapakat niya.

Ang pagkakahalal kay Capulong sa ICTY ay may malaking maitutulong sa pagganap niya bilang *legal consultant* ng NDFP, laluna kaugnay ng pagsubaybay sa pagpapatupad ng CARHRIHL.

EU SUMMIT, SINALUBONG NG PROTESTA

KINUMPRONTA at binatikos ng malalaking protestang masa ang 2001 European Union (EU) Summit na ginanap nitong Hunyo 14-16 sa Gothenburg, Sweden. Ang kilos protesta ay katulad ng iba pang malawakang mga aksyong masang inilunsad laban sa World Trade Organization, Asia Pacific Economic Cooperation at iba pang organisasyong nagtataguyod sa imperyalistang "globalisasyon".

Mahigit 20,000 demonstrador ang dumagsa at nagrali sa Gothenburg sa panahon ng summit. Nitong

Hunyo 15, sinalakay, pinaputukan at pinagbabatuta ng mga pulis ang isang hanay ng mga demonstrador. Mga 500-600 ang inaresto at daandaan pa ang nasaktan sa dispersal. Tatlo sa 70 sugatan na dinala sa ospital ang may tama ng bala at isa sa kanila ang malubha.

Ang EU Summit ay dinaluhan ng mga kinatawan ng 15 nangungunang imperyalistang bansa ng European Union. Tampok sa kanilang adyenda ang pagpapalawak ng EU sa Eastern Europe at sa mga bansa ng Mediterranean.